

Pagtatalumpati sa Inang Wika o Sariling Wika ng mga Kabataan mula sa Ibang Bansa

Gabay sa Paggawa ng Talumpati

Gawin ang talumpati sa sariling wika at sa wikang Hapon. Hindi kinakailangang isalin ang lahat ng talumpati sa salitang Hapon, subalit, iminumungkahi na gamitin ang mga natural na ekspresyon sa parehong wika. Kung nahihirapang isalin ang sariling wika sa salitang Hapon, maari itong ipaliwanag ng direkta. Nakasaad sa ibaba ang mga hakbang sa pagsusulat ng talumpati.

STEP 1 : Pumili ng Paksa para sa Talumpati

Una, isipin kung ano ang magiging paksa ng inyong talumpati.

May mga paksa ba kayong nais iparating sa tao. Bakit gusto ninyo ang paksang ito. Gaano kahalaga sa inyo ang paksang ito. Nirerekomenda na isulat ang mga naiisip na paksa at saka piliin kung alin sa mga ito ang nais ipahayag sa harapan ng mga tao.

Mga halimbawa ng paksa:


“Ang Kultura ng Aking Bansa at ang Kulturang Hapon” “Ang Pamilya ko at ang Hapon” “Ang Pinakamagandang Araw ng Aking Buhay” “Mensahe para sa mga Juniors” “Ang mga Natutunan ko” “Ang Aking Pangarap” “Ang Aking mga Kaibigan” “Ang Paaralan ko” “Ang mga gusto kong Gawin”

Iminumungkahi na piliin muna ang magiging paksa at saka na magpasya kung ano ang magiging pamagat ng talumpati

STEP 2 : Maghanda ng Talumpati na Nakakaantig ng Puso

Anong mga karanasan ang inyong napagdaanan sa paksang inyong napili. Alalahanin ang mga detalyeng nag-iwan ng alaala sa inyo. Maaaring gamitin ang inyong sariling karanasan, kuwentong narining mula sa pamilya, mga kaibigan o guro. Maari ninyong gawing dalawang talata ang inyong talumpati para mas maging kaaya-aya ito sa mga manonood.

STEP3 : Guwama ng plano para sa inyong talumpati



STEP4 : Isulat ito gamit ang Microsoft Word

Gamit ang format sa itaas, isulat ang sariling wika, kahilera ng wikang Hapon.

Paalala

Siguraduhin na magkahanay ang mga pangungusap ng sariling wika at ng wikang Hapon. Isulat ito sa katulad ng sa format sa itaas. Isulat ito sa isang pahina at maaari ninyong baguhin ang disenyo ng mga letra.

| | |
|--|--|
| ① Pamagat (Inang Wika o Sariling Wika, Center) | ② Pangalan (Align Text Right) |
| ③ Katawan (Align Text Right) | ④ Pamagat (Wikang Hapon, center) |
| ⑤ Pangalan (Wikang Hapon, Align Text Right) | ⑥ Katawan (Wikang Hapon, Align Text Right) |

☆Criteria sa Paghuhusga

Ang nakasulat sa ibaba ay mga criteria sa paghuhusga. Hanggat maari ay subukan makakuha ng mataas na marka.

| | Napakahusay 4 | Napakagaling 3 | Magaling 2 | Kailangan pa ng konting pagsisikap 1 |
|--|--|--|---|---|
| Pamagat 4 | Kakaiba ang piniling pamagat at kinuha agad ang atensyon ng mga nakikinig sa unang linya palamang ng pahayag | Naagaw ang atensyon ng mga nakikinig sa mahusay na pagpili ng pamagat at unang pahayag | Walang problema sa pamagat at nilalaman ng unang pahayag. | Hindi nag tugma ang pamagat sa nilalaman ng unang pahayag. |
| Nilalaman at pagkakasulat 4 | May buhay ang istorya at magaling ang pagkakaugnay ng mga pahayag at nagpamalas ng kasiya-siyang konklusyon. | Ang istorya ay magkakaugnay at natural ang pagkakahayag ng mga salaysay. | Ang pagkakaugnay ng istorya ay nag-iwan ng palaisipan at pinilit lagyang ng konklusyon. | Hindi magkakaugnay ang nilalaman ng istorya at walang konklusyon na naganap o pinilit lagyan ng konklusyon sa huli. |
| Tono at Boses sa pagpapahayag 4x2 | Ang tono ng boses ay malumanay at masarap pakinggan. Nilalapatan ng tamang paraan ng emosyon habang nagbibigay ng talumpati. | Ang tono ng boses ay maganda at mararamdaman ang emosyon sa mga salaysay na nangangailangan ng tamang diin. | Ang tono ng boses ay sapat subalit paminsan ay mahina. Mahirap intindihin kung ano ang nais ipahayag. | Walang buhay ang pagkakahayag ng talumpati at hindi halos maiintindihan kung ano ang nais ipahayag. |
| Pagbigkas at Gaano ka ganda pakinggan 4x2 | Malinaw ang pagkakabigkas at nagsisikap na ipaintindi sa mga nakikinig ang nais ipahayag. Sapat na bilis ng pagkakabigkas at bibihira lamang ang paghinto at pagkaka-utal ng mga salita. | Malinaw ang pagkakabigkas subalit minsan ay nabubulol ng hindi sinasadya. Kakikitaan ng pagsisikap na iparating ang nais sabihin sa mga nakikinig. | May pagkakataon na hindi malinaw ang pagkakabigkas ng mga salita. Kapansin –pansin ang pagkakautal ng mga salita. | Hindi maganda ang paraan ng pagpapahayag. Maraming mga hinto at nauutal ng madalas. Hindi maiintindihan ang sinasabi. |
| Paraan ng pagtatalumpati at tindig 4x2 | Tamang pag-uugali at lakas ng loob. Tumitingin sa mga nakikinig na ang bawat salita ay parang inilaan ang mga bawat manonood. | Kakikitaan ng lakas ng loob sa pagbibigay ng talumpati at tumitingin sa mga nakikinig. | May pagkakataon na hindi tiyak sa kanyang talumpati pero tuloy para siya sa pagpapahayag. Kulang sa eye contact sa mga nakikinig pero kakikitaan ng pagsisikap. | Nakayuko ng madalas habang nagtatalumpati. Hindi tumitingin sa mata ng mga nakikinig. Hindi maramdaman ng mga nakikinig ang emosyon ng talumpati. |